# Ang Muling Pagkabuhay ng Katawan at Ang Buhay na Walang Hanggan

## NOTES

## WARM-UP

- Ano ang isang bagay na nais mong gawin bago ka mamatay? Bakit mo ito gustong gawin?
- Kung maaari mong palamigin na parang yelo ang iyong katawan sa pag-asa na magagawa ng agham na ito ay muling buhayin, gagawin mo ba ito? Bakit oo o bakit hindi?
- Ibahagi ang isang pagkakataon kung kailan ikaw ay nagsakripisyo ng iyong oras, pagsisikap, at pera para sa isang tao. Ano ang nagtulak sa iyo na gawin ang lahat ng ito para sa kanya?

**WORD**

*"Sinasabi ko sa inyo ang totoo, ang sumusunod sa aking mga salita at sumasampalataya sa nagsugo sa akin ay may buhay na walang hanggan. Hindi na siya hahatulan sapagkat inilipat na nga siya sa buhay mula sa kamatayan."* **JUAN 5:24**

---

Ang ibang tao ay naniniwala na ang kamatayan ang ganap na katapusan ng buhay. Subalit, ang Bibliya, at maging ang Apostles' Creed, ay nagtuturo sa atin na maaari tayong magkamit ng buhay na walang hanggan. Ang paniniwalang ito ay batay sa pangako ni Jesus na sinumang maniniwala sa Kanya ng tunay ay makatatanggap ng kapatawaran ng kasalanan at ng buhay na walang hanggan. Ang muling pagkabuhay ni Jesus ay nagbibigay sa atin ng kasiguraduhan na maaari tayong umasa sa muling pagkabuhay ng mga namatay (1 Corinto 15:12). Sa araling ito, ating titingnan ang tatlong benepisyo ng sakripisyo at muling pagkabuhay ni Jesus.

## 1 Kay Cristo, napatawad na ang ating mga kasalanan.

*Ngunit kung namumuhay tayo sa liwanag, tulad ng Diyos na nasa liwanag, may pagkakaisa tayo, at nililinis tayo ng dugo ni Jesus na kanyang Anak sa lahat ng kasalanan.* **1 JUAN 1:7**

Ang ating mga kasalanan ay napatawad hindi dahil sa ating mga mabubuting gawa, kundi dahil kinuha ni Jesus ang kaparusahan para sa ating mga kasalanan. Ang sakripisyong ito na ginawa nang isang beses lamang ay sapat na at maaaring magamit ng lahat nang nagsisi sa kanilang mga kasalanan at naniwala sa ebanghelyo. Ano ang ginawa ng dugo ni Jesus sa ating mga kasalanan?

.......................................................................

.......................................................................

.......................................................................

## 2 Gaya ni Cristo, ang ating mga katawan ay muling mabubuhay.

*[25]Sinabi ni Jesus sa kanya, "Ako ang bumubuhay sa mga namatay, at ako rin ang nagbibigay ng buhay. Ang sumasampalataya sa akin, kahit mamatay ay muling mabubuhay. [26]Ang sinumang nabubuhay at sumasampalataya sa akin ay hindi mamamatay kailanman. Naniniwala ka ba sa sinabi ko?"* **JUAN 11:25,26**

Ang muling pagkabuhay ay hindi lamang nangangahulugan na ang ating mga espiritu ay mabubuhay pagkatapos nating mamatay; ito ay nangangahulugan rin na ang ating pisikal na katawan ay muling mabubuhay at magbabagong anyo at magiging mga pinagandang mga katawan (Mga Taga-Filipos 3:21). Sinabi ni Jesus kay Martha na sinuman ang maniniwala sa Kanya ay muling mabubuhay. Ano ang iyong tugon sa tanong ni Jesus sa Juan 11:26? Bakit?

................................................................

................................................................

................................................................

## 3 Sa pamamagitan ni Cristo, tayo ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan.

*"Sapagkat ganito ang pag-ibig ng Diyos sa mga tao sa sanlibutan: Ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumasampalataya sa kanya ay hindi mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."* **JUAN 3:16**

Ipinadala ng Diyos si Jesus dito sa lupa bilang isang tao, upang kunin ang kasalanan ng sanlibutan at pagbayaran ang kaparusahan ng kasalanan. Ang buhay na walang hanggan ay hindi nagsisimula sa ating pagkamatay; ito ay buhay na puno ng kasiyahan at pagpapala habang tayo ay namumuhay kasama ang Diyos maging dito sa lupa. Batay sa Juan 3:16, paano natin makakamtan ang buhay na walang hanggan?

................................................................

................................................................

................................................................

## APPLICATION

- Sinasabi sa atin ng Bibliya na ang Diyos ay matapat at makatarungan upang patawarin at linisin tayo sa ating mga kasalanan kung ating sasabihin ang ating mga kasalanan sa Kanya (1 Juan 1:9). Mayroon ka bang mga kasalanan na hindi mo sinasabi? Lapitan ang Diyos nang may lakas ng loob at hingin ang Kanyang kapatawaran ngayon.
- Ano na ang mga pagbabagong ginawa ni Jesus sa iyong buhay simula nang ibigay mo ang iyong tiwala sa Kanya? Paano mo mapalalakas ang loob ng isang tao sa pamamagitan ng iyong kwento ngayong linggo?
- Isipin ang mga pagpapalang ibinigay sa iyo ng Diyos. Paano mo maibabahagi ang iyong kagalakan sa mga taong nakapalibot sa iyo ngayon?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa kasiguruhan ng muling pagkabuhay at buhay na walang hanggan na mayroon tayo sa Kanya.
- Ipanalangin na ikaw ay magkaroon ng mas malalim pang pagkaunawa at pagpapahalaga sa lahat ng ginawa ni Jesus sa iyo sa krus. Ipanalangin na ikaw ay mamumuhay upang parangalan siya.
- Ipanalangin na ikaw ay magkaroon ng mga pagkakataon na ibahagi ang buhay na walang hanggan na natanggap mo kay Jesu-Cristo at ibahagi ang kagalakan na mayroon ka dahil sa Kanya.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph